IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# PAGSASARIWA SA DULANG KOMEDYA NG QUIPAYO: PAGMAMAPA NG DI-NASASALAT NA PAMANANG KULTURAL SA CALABANGA, CAMARINES SUR

Dr. Christian C. Vega, LPT

*Filipino Department, Central Bicol State University of Agriculture-Calabanga Campus Sta. Cruz (Poblacion), Calabanga, Camarines Sur, Philippines*

## ABSTRACT

Muling sinariwa sa pag-aaral na ito ang dulang Komedya sa ikalawang semester ng Marso Taong Panuruan 2024-2025. Ang halos 400 na raang taon Tradisyon ng Quipayo bilang isang hindi-nasasalat na pamana ng kultura *(Intangible Cultural Heritage o ICH)* sa bayan ng Calabanga, Camarines Sur. Sinuri nito ang iba't ibang aspekto ng Komedya, kabilang ang mga tradisyong pasalita at pagpapahayag, mga gawi sa lipunan, at mga ritwal na bumubuo sa natatanging kultural na identidad ng komunidad. Layunin ng pag-aaral na ilarawan kung paano naipapasa at naisasalin ang ganitong uri ng pamanang kultural mula sa isang henerasyon patungo sa susunod na saling-lahi. Higit pa rito, tinutukoy rin ng pananaliksik ang kabuluhan ng Komedya sa lokal na komunidad sa mga larangang pangkasaysayan, panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, espiritwal, at estetika. Isinasaalang-alang din ang mga kaugnay na kwento at artefaktong may kinalaman sa pagtatanghal ng Komedya, kabilang ang mga *tangible-immovable heritage* tulad ng mga sinaunang entablado at lugar ng pagtatanghal, pati na rin ang mga *tangible-movable* na elemento gaya ng kasuotan at mga kagamitan (props). Dagdag pa rito, sinusuri ng pag-aaral ang iba't ibang banta sa pagpapanatili ng Komedya, kabilang ang modernisasyon, kakulangan ng interes ng mga kabataan, at limitadong suporta mula sa mga institusyon. Bilang tugon, inilahad din ang mga oportunidad para sa inobasyon at pagkamalikhain sa pagpapanatili at pagpapasa ng Komedya bilang isang mahalagang bahagi ng kultura ng Calabangueńos. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang mabibigyang-halaga at mas mapapalakas ang pagpapahalaga sa Komedya ng Quipayo bilang isang buhay na pamana ng bayan, na may potensyal na magpatuloy at umunlad sa kabila ng makabagong panahon.

**Susing Salita (Keywords).** *Dula, Komedya, Quipayo, Intangible Cultural Heritage, Calabanga, salin, kultura, sining at tradisyon*

## INTRODUCTION

Kultura ang isa sa mahahalagang salik sa paghubog ng pagkakakilanlan ng isang pamayanan. Ito ay repleksiyon ng kamalayan, pagpapahalaga, karanasan, at kaakuhan ng mga indibiduwal na kabilang dito. Sa konteksto ng Pilipinas, ang mga tradisyunal na anyo ng sining at pagtatanghal ay nagsisilbing buhay na salamin ng kasaysayan at kolektibong alaala ng mga pamayanan. Isa sa mga natatanging anyo ng kulturang Pilipino ang dulang Komedya, na kilala rin bilang Moro-moro, isang tradisyunal na anyo ng teatro na may mahalagang papel sa pagpapalaganap ng panitikan, kasaysayan, paniniwalang panrelihiyon, at pagpapahalagang panlipunan. Ayon kina Batara, Orpia, at Absolor (2024), ang Komedya ay hindi lamang isang pagtatanghal kundi nagsisilbing daluyan ng pagkakaisa ng komunidad, pagpapahayag ng kultura, at paglilipat ng kaalaman at pagpapahalaga sa pagitan ng mga henerasyon.

Sa bayan ng Calabanga, Camarines Sur, partikular sa Quipayo, isa sa mga natatanging yamang pangkultura ang dulang Komedya. Maituturing itong mahalagang bahagi ng hindi-nasasalat na pamanang kultural na nag-ugat sa kasaysayan at patuloy na naiuugnay sa identidad ng pamayanan. Gayunman, sa paglipas ng panahon, unti-unting humihina ang interes at kawilihan sa pagtatanghal nito, dahilan upang malagay sa panganib ang patuloy na pag-iral at pagsasalin ng tradisyon. Sa ganitong kalagayan, nagiging mahalaga ang pagdodokumento at pagsusuri sa mga natitirang elemento ng Komedya upang maunawaan ang kabuluhan nito sa kasalukuyang henerasyon.

Mahalaga ang ganitong pagsisikap sapagkat kinikilala ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, Artikulo XIV, Seksyon 14, ang tungkulin ng Estado na itaguyod, tangkilikin, at palaganapin ang mga sining at panitikan ng bansa, gayundin ang pangalagaan at paunlarin ang pambansang pamana ng sining at kultura. Kaugnay nito, ipinasa ang Republic Act No. 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009 na nagtatakda ng mas malawak na mekanismo para sa proteksiyon, konserbasyon, at pagpapaunlad ng pamanang kultural ng bansa. Sa pananaw ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA, 2025), ang Komedya ay mahalagang bahagi ng pambansang identidad at patuloy na naisasagawa sa mga lokal na pamayanan at pista. Samantala, ipinakita rin ng mga inisyatiba tulad ng Komedya Fiesta ng University of the Philippines ang kahalagahan ng ugnayan ng akademya, institusyon, at komunidad sa muling pagpapalakas ng interes sa tradisyunal na teatro.

Ipinakikita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang Komedya ay isang buhay na anyo ng tradisyunal na teatro na patuloy na nagbabago ayon sa kontekstong panlipunan at kultural ng mga pamayanan. Sa pag-aaral nina Delos Santos at Demeterio (2020) sa mga manuskritong Arakyo, binigyang-diin ang mga pagbabago sa naratibo at representasyon ng mga tauhan sa mga rehiyonal na bersiyon ng Komedya. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng maingat at sensitibong pagbasa sa mga tekstong pangkultura upang

higit na maunawaan ang kasaysayan at ang patuloy na pagbuo ng kahulugan ng mga tradisyunal na pagtatanghal. Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga iskolar na ang dramaturgikal na ugat ng Komedya ay may kaugnayan sa mga anyong teatro ng Espanya na isinapuso at inangkop ng mga Pilipino. Ang pagsasanib ng lokal na estetika, simbolikong kilos, at pagbabago sa naratibo ay nagpapakita sa hybrid na katangian ng Komedya at sa malalim nitong pagkakaugat sa sosyo-kultural na kalagayan ng bansa (Philippine Performance Archive, 2019; Sorumatik, 2025).

Sa usapin ng pagpapanatili ng tradisyon, mahalaga ang aktibong pakikilahok ng komunidad. Ipinakita ni Petinglay (2022) na sa Antique, pinananatili ang Komedya sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga bagong tagapalabas at pagsasama ng pagtatanghal sa mga pistang panlalawigan. Gayundin, itinampok ng Marinduque State University ang Moro-moro sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga estudyante sa pagtatanghal, na nagpalawak sa kamalayan sa pamanang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng karanasang pagkatuto (Manguera, 2025). Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ito na ang pagpapanatili ng tradisyunal na teatro ay nakasalalay hindi lamang sa mga tagapagtanghal kundi maging sa kabataan, institusyong pang-edukasyon, at iba pang kasapi ng pamayanan.

Mahalaga rin sa pag-aaral ng Komedya ang konsepto ng Intangible Cultural Heritage (ICH). Ang hindi-nasasalat na pamanang kultural ay binubuo ng mga gawi, kaalaman, kasanayan, paniniwala, at pagpapahalagang patuloy na kinikilala at isinasagawa ng mga pamayanan. Ayon kay Far (2024), may kakulangan sa kaalaman at pagpapahalaga ng ilang mag-aaral sa mga elemento ng ICH, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mga programang nag-uugnay sa kabataan at sa mga tradisyunal na gawi. Sa etnograpikong pag-aaral ni Fernandez (2024), ipinakita kung paano muling natutuklasan at binibigyang-kahulugan ng komunidad ang Moro-moro bilang isang anyo ng sining at imbakan ng kolektibong kultura. Sa ganitong pananaw, ang Komedya ay hindi lamang dapat ituring na isang lumang pagtatanghal kundi isang buhay na pamanang kultural na naglalaman ng kolektibong alaala, paniniwala, at identidad ng pamayanan.

Kaugnay nito, mahalaga ang cultural mapping bilang pamamaraan sa sistematikong dokumentasyon at pagsusuri ng mga elementong pangkultura. Ipinakita ni Rabang (2025) sa Vigan City kung paano nakatutulong ang cultural mapping sa pagtatala ng mga likas at hindi-nasasalat na yamang kultural upang suportahan ang konserbasyon at paghubog ng lokal na identidad. Samantala, ipinakita ng mga proyekto sa Panay at Guimaras ang participatory na katangian ng cultural mapping sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga lokal na stakeholder sa pag-iimbentaryo ng mga pamanang kultural, pagtukoy sa mga banta, at pagsusuri sa mga paraan ng pangangalaga at oportunidad para sa edukasyong pangkultura (CMPG, 2025). Pinagtibay rin ni Besmonte (2024) na ang immersive na pakikisalamuha sa komunidad, panayam, at participatory mapping ay nakatutulong sa pagtukoy at proteksiyon ng mga elemento ng ICH. Sa ganitong konteksto, maaaring magsilbing mahalagang balangkas ang cultural mapping sa sistematikong pagdodokumento ng Komedya ng Quipayo, kabilang ang paggamit ng mga angkop na instrumento tulad ng PRECUP form ng NCCA.

Sa kabila ng mga pag-aaral hinggil sa Komedya, ICH, at cultural mapping, nananatiling mahalaga ang mas malalim na pagsusuri sa mga lokal na bersiyon ng tradisyunal na dulang ito, lalo na sa mga pamayanang may natatanging kasaysayan at paraan ng pagpapanatili ng tradisyon. Sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur, mahalagang maitala ang kasaysayan, mga elemento, paraan ng pagsasalin ng iskrip, at mga mekanismo ng pagpasa ng Komedya sa iba't ibang henerasyon. Higit pa rito, kinakailangang matukoy ang mga kuwentong kaugnay nito, mga artepaktong may kinalaman sa pagtatanghal, mga likas na yaman na may kaugnayan sa kultura, at iba pang elementong maaaring maipamana sa mga susunod na salinlahi.

Dahil dito, nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsasariwa sa diwa ng dulang Komedya ng Quipayo sa pamamagitan ng pagmamapa ng hindi-nasasalat na pamanang kultural. Layunin nitong maitala, masuri, at muling bigyang-buhay ang natatanging dula bilang mahalagang bahagi ng identidad ng mga Quipayanon. Sinusuri rin ng pag-aaral kung paano naipapasa ang pamanang ito sa kasalukuyang henerasyon, gayundin ang mga banta, hamon, at posibleng suliraning maaaring makaapekto sa pagpapatuloy nito. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa kasaysayan, panlipunang konteksto, usaping pampolitika at pang-ekonomiya, espiritwalidad, at estetika ng Komedya, higit na mauunawaan ang halaga nito bilang isang buhay na pamanang kultural.

Sa huli, hangad ng pananaliksik na ito na maging daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa Komedya ng Quipayo bilang higit pa sa isang anyo ng sining at pagtatanghal. Ito ay isang buhay na pamanang kultural ng Calabanga, Camarines Sur na maaaring magsilbing ambag sa akademya, edukasyon, turismo, at pagpapalakas ng kamalayang kultural ng mga Calabangueño. Sa pamamagitan ng dokumentasyon, inobasyon, pagkamalikhain, at angkop na mga pamamaraan ng preserbasyon, layunin ng pag-aaral na makapagbigay ng ambag sa pagpapanatili at pagsasariwa ng dulang Komedya sa harap ng makabago at teknolohikal na panahon.

## Research Objectives

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin at pagsasariwa ng Komedya bilang isang hindi-nasasalat na pamana ng kultura sa Calabanga, kabilang ang pagpasa nito sa susunod na henerasyon at ang kahalagahan nito sa kasaysayan, lipunan, politika, ekonomiya, espiritwalidad, at sining. Sinusuri rin nito ang kaugnay na mga kwento, artefakto, at likas na yaman, gayundin ang mga banta at suliraning kinakaharap ng Komedya. Higit pa rito, tinutuklas ang mga makabagong paraan upang mapanatili at maipasa ang tradisyong ito para sa hinaharap.

1) Tuklasin ang Komedya bilang isang hindi-nasasalat na pamana ng kultura (intangible cultural heritage) (ICH)) sa bayan ng Calabanga batayan ang mga sumusunod na aspekto:
   a. Mga tradisyong pasalita at mga pagpapahayag
   b. Mga gawi sa lipunan at ritwal
2) Ilarawan ang pagpasa o pagsalin ng hindi-nasasalat na pamanang kultural;

3) Maunawaaan ang kahalagahan/Kabuluhan ng hindi-nasasalat na pamanang kultural /ICH sa lokal na komunidad batay sa:
   a. Kasaysayan
   b. Usaping panlipunan
   c. Pampolitika
   d. Pang-ekonomiya/pangkabuhayan
   e. Espiritwal
   f. Estetika
4) Tuklasin ang mga kaugnay na kwento at artefakto na may kaugnayan sa Komedya ayon sa mga makabuluhang salik:
   a. Nahhawakang hindi-nalilipat (tangible-immovable)
   b. Flora (mga halaman) at fauna (mga hayop)
   c. Nasasalat na maipamana/naililipat (tangible movable)
5) Masuri ang iba't ibang banta na nararanasan ng Komedya at ang iba pang potensyal na panganib sa *ICH;*
6) Galugarin ang mga oportunidad para sa inobasyon at pagkamalikhain sa pagpapanatili at pagpapasa ng hindi-nahahawakang pamana, at kung paano ito maaaring magamit upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga kultural na praktika at tradisyon

## METHODOLOGY

Ginamit ng mananaliksik ang pangkalahatang metodolohiyang ***Kwaliteytiv-Deskriptiv- Debelopmental (R&D)*** na paraan bilang pangkalahatang disenyo sa kasalukuyang pag-aaral upang maipakita at mabatid ang PAGSASARIWA SA DULANG KOMEDYA NG QUIPAYO: PAGMAMAPA NG HINDI-NASASALAT NA PAMANANG KULTURAL SA CALABANGA, CAMARINES SUR.

**Kwalitatibo at Deskriptibo** ang kaparaanan sapagkat magiging batayan ang anumang resulta ng pagsusuri bunga ng pakikipanayam sa pangunahing respondyente, *Focus Group Discussion (FGD)* bilang saligan ng mga datos sa bawat dulog at dokumentasyon na batayan sa pagsusuri. Matapos nito magkakaroon ng triangulasyon at pagsusuring pang-dokumento tungo sa lalim ng balidasyon ng bawat datos.

Sa pagsusuri o analisis. Ginamit din ang transkripsyon (transcription) at *verbatim* para sa orihinal na datos bilang dulog naratibo at deskriptibo sa paglikom at paglalapat ng interpretasyon ng mga ito, sa tulong ng multimedyang kaparaanan (bidyo at rekord) at dokumentasyon. Isinaalang-alang din ang komparatibong pagsusuri sa tulong ng pangunahing respondyente.

**Debelopmental** naman dahil tutuldukan sa pangangalap at pagsuri lamang ng mga datos bagkos magiging salalayan at lunsaran sa muling pagsulat ng iskrip mula sa orihinal nitong pinagmulan sa paraang makabuluhan, malikhain, inobatibo at kontekstwalisado/lokalisadong. Ipapanukala ring maitanghal muli ito sa pamamagitan ng pagsumite ng mga proposal sa local na pamahalaan at sa iba pang katuwang na

tanggapan at organisassyon. Dagdag pa rito ang mga datos at impormasyon ay nagmula sa pangunahing respondyente na tagapagtaguyod ng Komedya sa Quipayo.

## RESULTS AND DISCUSSION

Ang mga datos at informasyon sa bahaging na itinuring na konpidensyal ay mula sa pangunahing respondyente ng pag-aaral at bunga ng mga palihan *(writeshop)* pakikipanayam, *Focus Group Discussion (FGD),* balidasyon at triangulasyon ng mga datos.

## DULANG KOMEDYA BILANG ISANG DI-NASASALAT NA PAMANA NG KULTURA (INTANGIBLE CULTURAL HERITAGE) (ICH)) SA BAYAN NG CALABANGA

### a. Mga tradisyong pasalita at mga pagpapahayag

Ang **Dulang Komedya** sa bayan ng Calabanga ay isang mahalagang bahagi ng **hindi-nasasalat na pamana ng kultura** na naipapasa sa pamamagitan ng **tradisyong pasalita at mga pagpapahayag**. Isa sa mga unang direktor o manunulat ng Komedya ay si **Agaton Rubi,** na siyang bumuo ng awtput ng palabas. Unang itinanghal ang Komedya noong **taong 1954,** at mula noon ay naging bahagi na ito ng kultura ng mga taga-**Quipayo,** isa sa **pinakamatandang bayan,** na may humigit kumulang **445 taong kasaysayan.**

Ang Komedya ay nakaugalian nang ipalabas tuwing **kapistahan sa Quipayo,** kung saan ito ay hindi lamang isang **aliwan kundi isang mahalagang pagpapahayag ng kasaysayan, pananampalataya, at identidad ng komunidad.** Ang tradisyong pasalita ay makikita sa **mga diyalogo, awitin, at ritmikong pagsasalita,** samantalang ang pagpapahayag ay naipapakita sa kilos, ekspresyon, at paggamit ng simbolikong kagamitan gaya ng espada at korona. Sa pamamagitan ng **pasalitang tradisyon at pagsasadula nito noon taon-taon,** patuloy na naipapasa ang Komedya sa susunod na henerasyon, na nagpapatibay sa kultura at pagpapahalaga ng mga taga-Quipayo at Calabanga sa kanilang makulay na pamana ng sining at pagtatanghal.

### b. Mga gawi sa lipunan at ritwal

Ang **Komedya** ay hindi lamang isang pagtatanghal kundi isang **ritwal panlipunan** na may malalim na kaugnayan sa tradisyon at kultura ng mga mamamayan. Isa itong mahalagang bahagi ng kapistahan, kung saan nagtitipon ang buong komunidad upang saksihan ang pagsasadula ng kwento na sumasalamin sa kanilang **paniniwala, kasaysayan, at pagpapahalaga sa moralidad.**

Sa mga tagpo ng Komedya, may **malalim na simbolismong** ipinapahayag na nagpapakita ng mahahalagang aspekto ng buhay panlipunan. Ang mga **labanan** ay sumasalamin sa tunggalian ng kabutihan at kasamaan, tulad ng mga eksenang makikita

sa **Encantadia,** kung saan ang mga tauhan ay nakasuot ng **makukulay at engrandeng kasuotan** na nagpapakita ng kanilang estado sa lipunan. Ang mga eksena ng **pag-ibig** ay nagpapahiwatig ng pagpapahalaga sa pamilya at ugnayan ng mga tao, habang ang **kasiyahan at kalungkutan** ay nagpapakita ng mga emosyon at pagsubok na kinakaharap ng isang bayan. Sa huli, ang **tagumpay** ay sumasalamin sa pananampalataya ng mga mamamayan na sa kabila ng mga pagsubok, mananaig pa rin ang kabutihan at katarungan.

Bilang bahagi ng **ritwal panlipunan**, ang Komedya ay nagiging isang paraan ng **pagkakaisa at pagpapalakas ng identidad ng komunidad.** Ipinapakita nito ang **kaugalian, pananampalataya, at panlipunang dinamika** ng mga taga-Quipayo at Calabanga. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasadula nito tuwing kapistahan, naipapasa ang tradisyong ito sa mga susunod na henerasyon, na nagtitiyak na ang **mayamang pamana ng sining at kultura** ng bayan ay mananatiling buhay at masigla.

## PAGLALARAWAN SA PAGPASA O PAGSALIN NG DI-NASASALAT NA PAMANANG KULTURAL

### a. Paglalarawan sa Pagpasa o Pagsalin ng Hindi-Nasasalat na Pamanang Kultural

Nagsimula itong maitanghal taong 1950-1954. Taong 1974, naisadula ito sa Brgy. Sta. Cruz, Quipayo. Sinundan ito noong 1975, 1976 at 1977 sa simbahan ng Quipayo. Naipapasa and dula mula henerasyon hanggang henerasyon sa pamamagitan ng **pagtuturo at pagsasanay ng mga bagong tagapagtaguyod**. Ang unang direktor ng Komedya ay si **Agaton Rubi,** na siyang bumuo ng orihinal na palabas. Noong **taong 1971**, ipinasa niya ang pagiging direktor kay **G. Rostico Moralde,** na nagsilbing ikalawang pinuno ng pagtatanghal. Gayunpaman, nang siya ay hindi na nakapagpatuloy, pansamantalang naabandona ang dulang Komedya. Sa kabila nito, si **G. Romeo C. Endrano** ang muling kumupkop at nagpatuloy sa pagtatanghal ng Komedya sa bayan ng Quipayo, kaya't napigilan ang tuluyang paglaho ng tradisyong.

a. Estruktura ng Dulang Komedya

Ang Dulang Komedya ay binubuo ng labimpitong (17) tauhan, kabilang ang Hari, Reyna, Prinsipe, Prinsesa, Emperador ng Moros, at ang iba pang mga tauhan na kinabibilangan ng mga Basalyos at Matinador. Bawat isa ay may mahalagang papel sa pagsasalaysay ng kuwento. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng Komedya ay ang Torneo, isang sensitibong yugto ng dula kung saan ang hari ay nag-aanyaya sa pinakamagagaling na mandirigma mula sa iba't ibang kaharian tulad ng Babilonya, Ehipto, at Persia upang maglaban. Ang mandirigmang magtatagumpay ay magkakamit ng gantimpalang mapapangasawa ang prinsesa. Ipinakikita ng bahaging ito ang mga temang tunggalian, kapangyarihan, at karangalan, na pawang mahahalagang elemento sa panitikan at kasaysayan ng sinaunang panahong medieval.

b. Sining ng Pagtatanghal

Ang pagsasadula ng Komedya ay hindi lamang isang simpleng pagtatanghal kundi isang **buong-gabihang pagdiriwang**, tumatagal ng **higit sa labing-anim (16) na oras.** Upang maipadama ang tunay na diwa ng dula, kinakailangan ng mga tauhan na ipakita ang kanilang **puso, ekpressyon at entusiasmo**, na siyang nagpapalalim sa emosyon ng kanilang pagganap. Dahil dito, nagiging **mas makatotohanan at makabuluhan** ang bawat eksena, na nagbibigay ng **kasiyahan sa mga manonood at aral na kapupulutan ng kahulugan.**

c. Paggamit ng Apat na Wika

Isang natatanging katangian ng Komedya sa Quipayo ay ang paggamit ng **apat na pangunahing lengguwahe:**

a. **Griyego.** Sumasalamin sa impluwensya ng **sinaunang panitikan at pilosopiya,** na maaaring may kaugnayan sa mga konsepto ng trahedya at komedya sa teatro;
b. **Ebreo.** Nagpapahiwatig ng koneksyon ng dula sa **mga kwentong may temang panrelihiyon,** na karaniwang isinasalaysay sa Bibliya;
c. **Latin.** Ang wika ng Simbahan at mga lumang tekstong panrelihiyon, nagpapakita ng impluwensya ng **Kristiyanismo at Katolisismo** sa dulang Komedya at
d. **Espanyol.** Isang patunay ng **kolonyal na impluwensya ng mga Kastila** sa panitikan at sining ng Pilipinas, dahil sa matagal na pananakop ng Espanya sa bansa.

Ang paggamit ng maraming wika sa Komedya ay **nagpapakita ng lalim at kasaysayan ng sining ng dulang ito.** Sa pamamagitan ng pagsasanib ng **tradisyon, kasaysayan, relihiyon, at sining ng pagtatanghal,** ang Komedya sa Quipayo ay nagiging isang **natatangi at mahalagang bahagi ng pamanang kultural** ng bayan. Ang **patuloy na pagsasalin nito mula sa isang henerasyon patungo sa susunod** ay nagpapatunay ng mataas na pagpapahalaga ng mga taga-Quipayo sa kanilang mayamang kasaysayan at sining.

## KAHALAGAHAN/KABULUHAN NG HINDI-NASASALAT NA PAMANANG KULTURAL SA LOKAL NA KOMUNIDAD

### a. Kasaysayan

Ang **Dulang Komedya** sa bayan ng Quipayo at Calabanga ay isang **buhay na salamin ng kasaysayan,** na naipapasa sa pamamagitan ng pagsasadula ng mahahalagang pangyayari, labanan, at kaugalian mula sa sinaunang panahon. Ayon sa mga nakalap na datos, unang isinadula ang Komedya noong **taong 1954** sa ilalim ng direksyon ni **Agaton Rubi** at kalaunan ay isinalin kay **G. Rostico Moralde noong 1971.** Bagamat nagkaroon ng panandaliang pagkaantala, muling ipinagpatuloy ni **G. Romeo C.**

**Endrano** ang pagtatanghal nito, na nagpapatunay sa patuloy na pagpapahalaga ng bayan sa kanilang **kultural na pamana.**

Isa rin itong **patunay ng malalim na ugnayan ng Quipayo at Calabanga sa kolonyal na kasaysayan ng Pilipinas,** lalo na sa impluwensiyang **Espanyol** na makikita sa **wikang ginamit sa pagtatanghal** tulad ng **Latin at Espanyol.** Ang paggamit ng **Griyego at Ebreo** ay nagpapakita naman ng **kaugnayan ng dulang ito sa panitikang panrelihiyon at klasikal na sining.** Ang mga tema ng **Torneo,** na nagtatampok ng mga mandirigmang lumalaban upang makuha ang kamay ng isang Prinsesa, ay sumasalamin sa **mga epikong kwento at sinaunang kaugaliang umiiral sa mga lipunan noong panahon ng kaharian at kolonyalismo.**

Higit pa rito, ang pagpapatuloy ng Komedya bilang isang tradisyong panlipunan ay nagsisilbing patunay ng matibay na ugnayan ng kasalukuyang henerasyon sa kanilang mga ninuno. Sa kabila ng makabagong panahon, ang Komedya ay nananatili bilang isang tahimik na tagapag-ingat ng kasaysayan. Isa itong buhay na alaala ng nakaraan na isinasadula at isinasapuso ng mga tao tuwing kapistahan. Dahil dito, hindi lamang ito isang sining ng pagtatanghal kundi isa ring pamana ng identidad ng bayan. Nagsisilbi rin itong paalala ng yaman ng kanilang kultura at tradisyon at tagapagpanatili ng kanilang kuwento sa paglipas ng panahon.

### *b. Usaping panlipunan*

Ang Dulang Komedya ay isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng bayan ng Quipayo at Calabanga. Hindi lamang ito isang pagtatanghal kundi isa ring pangkatang gawain na nagbubuklod sa mga mamamayan. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsasanay, paghahanda ng kasuotan, at aktuwal na pagtatanghal, nabubuo ang matibay na diwa ng bayanihan. Nagiging daan din ang dula upang maipasa ang mga aral sa buhay mula sa matatanda patungo sa mga kabataan, na nagsisiguro ng patuloy na pagpapahalaga sa kanilang kultura. Bukod dito, ang Dulang Komedya ay sumasalamin sa iba't ibang karanasan ng tao tulad ng tunggalian, pag-ibig, kasayahan, at tagumpay. Dahil dito, nagiging makabuluhan ito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga manonood.

### *c. Pampolitika*

Sa ilang pagtatanghal, makikita ang mga simbolismo ng kapangyarihan, tunggalian sa pagitan ng mahihina at makapangyarihan, at ang kahalagahan ng katarungan. Patunay ito na ang Komedya ay hindi lamang isang libangan kundi isa ring mapanuring sining na maaaring magpakita ng mga isyung pampolitika. Halimbawa, ang Torneo, kung saan naglalaban ang pinakamahuhusay na mandirigma upang makuha ang kamay ng Prinsesa, ay maaaring ihambing sa mga tunggalian sa politika kung saan ang pinakamalakas at pinakamakapangyarihan ang nagtatagumpay. Gayundin, ang patuloy na pagtatanghal ng Komedya ay isang pahayag ng kasarinlan ng lokal na kultura laban

sa mabilis na globalisasyon. Isa rin itong paraan upang mapanatili ang identidad ng bayan sa gitna ng makabagong panahon.

### *d. Pang-ekonomiya/pangkabuhayan*

Ang dulang Komedya ay nagbibigay ng **mga oportunidad sa lokal na ekonomiya,** lalo na sa panahon ng mga pista at pagdiriwang. Ang mga **manonood mula sa iba't ibang lugar** ay dumarayo upang saksihan ang pagtatanghal, na nagdudulot ng pagtaas ng kita sa **mga negosyong tulad ng kainan, tindahan, at transportasyon.** Bukod dito, ang **mga manlilikha ng kasuotan, props, at dekorasyon sa entablado (stage setup)** ay nagkakaroon ng dagdag na hanapbuhay. Ang Komedya ay nagbubukas sa **pang-akit sa turismo,** na maaaring magdulot ng **mas malaking suporta mula sa gobyerno at pribadong sektor upang mapanatili at maitaguyod pa ito.**

### *e. Espiritwal*

M**alalim na koneksyon sa pananampalataya ng dulang Komedya,** lalo't madalas itong isinasagawa bilang bahagi ng **kapistahan ng patron ng bayan.** Ang pagsasadula ng Komedya ay isang paraan ng pagpapakita ng **pasasalamat at pananampalataya sa Diyos,** pinaniniwalaang isang **alay sa patron bilang tanda ng biyaya at proteksyon sa komunidad.** Bukod dito, ang mga temang tinatalakay sa dula kabilang ang **kabutihan laban sa kasamaan, hustisya, at kapalaran** ay may **malalim na kaugnayan sa mga aral ng relihiyon.** Ang paggamit ng **Latin at Hebreo** sa ilang bahagi ng dula ay sumasalamin din sa **malakas na impluwensya ng Katolisismo sa sining at kultura ng bayan.**

### *f. Estetika*

Isa sa mga pinakakapansin-pansing aspeto ng Komedya ay ang **kagandahan ng sining na ipinapakita sa kasuotan, tunog, at pagganap ng mga tauhan.** Ang disenyo ng kanilang **mga kasuotan, baluti, at sandata** ay maihahalintulad sa **fantasyang mundo ng Encantadia,** na nagpapakita ng mayamang imahinasyon at masining na pagkakalikha. Ang **paggamit ng wika, ritmo ng pagsasalita, at kilos ng mga tauhan** ay nagpapakita ng mataas na antas ng sining ng pagtatanghal. Ang Komedya ay **buhay na sining,** pagsasanib ng saliw ng **sayaw, awit, tula, at dula** ay lumilikha ng isang kakaibang anyo ng pagpapahayag. Ang masining na aspeto ng dulang ito ay isang patunay na ang kultura ng Quipayo at Calabanga ay mayaman sa sining at malikhaing tradisyon.

Sa kabuuan, ang **Dulang Komedya** ay hindi lamang isang simpleng pagtatanghal kundi isang **buhay na pamanang kultural** na may malalim na epekto sa **kasaysayan, lipunan, politika, ekonomiya, pananampalataya, at sining** ng bayan. Ang pagpapatuloy ng Komedya ay hindi lamang isang **pagpapanatili ng tradisyon,** kundi

isang **pagtitiyak na ang diwa ng kultura ng Quipayo at Calabanga ay mananatili at maisusulong para sa susunod na henerasyon.**

## PAGTUKLAS NG MGA KAUGNAY NA KWENTO AT ARTEFAKTO NA MAY KAUGNAYAN SA KOMEDYA AYON SA MGA MAKABULUHANG SALIK:

### *a. Nahahawakang hindi-nalilipat (tangible-immovable)*

May kaugnayan sa ilang **hindi-nalilipat na mga estruktura at lugar ang dula** na nagiging bahagi ng pagtatanghal. Isa sa pinakamahalagang aspeto ay ang **entablado o "tabla",** kung saan isinasagawa ang pagtatanghal. Madalas, ito ay itinayo sa **plaza o harapan ng simbahan,** na nagpapakita ng kaugnayan ng Komedya sa **pananampalataya at lokal na kapistahan**. Dagdag pa, ang **mga lumang bahay at sinaunang simbahan** sa Quipayo ay nagsisilbing **tagapag-ingat ng kasaysayan at alaala ng dulang ito,** dahil sa kanilang matagal nang pagkakaugnay sa mga selebrasyon ng bayan.

### *b. Flora (mga halaman) at Fauna (mga hayop)*

May ilang likas na elemento sa paligid na may mahalagang papel sa pagtatanghal ng Komedya.

1. **Leon.** Isa sa pinakadelikadong hayop sa Komedya, na sumisimbolo sa **tapang at kapangyarihan.** Sa ilang bahagi ng dula, ang **Leon ay isang pagsubok o hadlang sa bayani** bago niya makamit ang tagumpay. Magsisilbing simbolo ng **kalikasan ng digmaan at sakripisyo sa kuwento.**
2. **Sampaga.** Isang uri ng **mabango at maputing bulaklak** na madalas gamitin bilang **simbolo ng kadalisayan at kagandahan** sa dula. Ang Sampaga ay maaaring ipakita sa ilang tagpo ng Komedya bilang **alay sa mga maharlika o sa Prinsesa,** na nagpapakita ng kanyang **kagandahan at kabutihang loob.**

### *c. Nasasalat na maipamana/naililipat (tangible movable)*

Bukod sa mga estruktura at natural na elemento, may ilang **nasasalat at naililipat na mga bagay** na mahalaga sa pagtatanghal ng Komedya:

1. **Mga Kasuotan at Baluti.** Ang mga tauhan sa Komedya ay kilala sa kanilang **magagarbong kasuotan,** na kadalasang may inspirasyon mula sa **mga Hari, Prinsesa, at Mandirigma** ng sinaunang panahon. Ang mga baluti at korona ay nagpapakita ng **estado at papel ng tauhan sa kwento.**
2. **Mga Espada at Sandata.** Dahil ang Komedya ay may temang **labanan at tunggalian,** ang mga espadang yari sa kahoy o metal ay isang mahalagang elemento ng pagtatanghal. Ang mga ito ay ginagamit sa **Torneo,** kung saan ang mga mandirigma ay nagpapakita ng kanilang kakayahan sa pakikipaglaban.
3. **Mga Lumang Manuskrito ng Iskrip.** Isa sa pinakamahalagang **pamana ng dulang Komedya** ay ang mga **isinulat na iskrip,** na nagpapakita ng orihinal na

diyalogo, kanta, at mga eksena ng dula. Ang mga ito ay itinuturing na **kayamanan ng panitikan at kasaysayan** ng bayan, na maaaring muling buhayin sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasadulang muli ng mga lumang kuwento nito.

B**uhay na pamana ng kultura ang Komedya** na may kaugnayan sa iba't ibang pisikal at natural na elemento ng bayan. Mula sa **matatandang entablado at simbahan,** hanggang sa **mga hayop tulad ng Leon at halamang Sampaga,** pati na rin sa **mga kasuotan, sandata, at manuskrito ng iskrip**, ang lahat ng ito ay nagiging bahagi ng **malawak at mayamang kasaysayan ng Komedya sa Quipayo at Calabanga.** Ang pagpapanatili at muling pagpapahalaga sa mga artefaktong ito ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang **diwa ng kulturang ito para sa susunod na henerasyon.**

## IBA'T IBANG BANTA NA NARARANASAN NG KOMEDYA AT ANG IBA PANG POTENSYAL NA PANGANIB

Ang Dulang Komedya ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng bayan ng Quipayo at Calabanga, ngunit sa kabila ng kahalagahan nito, patuloy itong nakararanas ng iba't ibang hamon na maaaring magdulot ng unti-unting pagkawala nito.

a. Mga banta sa pagpapatuloy ng komedya

1. **Kakulangan sa Pinansyal**

Isa sa pinakamalaking hamon sa patuloy na pagsasadula ng Komedya ay ang kakulangan sa pondo. Ang pagbuo ng isang buong pagtatanghal ay nangangailangan ng malaking halaga, na umaabot sa **apatnapung libong piso (₱40,000) o humigit pa.** Ang halagang ito ay kinakailangan para sa **mga kasuotan, props, entablado, ilaw, at iba pang mahahalagang kagamitan** sa produksiyon. Dahil dito, ang kakulangan sa suportang pinansyal mula sa **lokal na pamahalaan o mga pribadong organisasyon** ay nagiging pangunahing hadlang sa pagpapatuloy ng tradisyong ito.

2. **Kakulangan sa Oras at Dedikasyon**

Dahil sa abalang pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan, **nahihirapan ang mga kalahok sa dula na maglaan ng sapat na oras** para sa ensayo at aktwal na pagtatanghal. Ang Dulang Komedya ay tumatagal nang higit **16 oras,** kaya nangangailangan ito ng **matagalang paghahanda at dedikasyon** mula sa mga aktor, direktor, at iba pang kasali sa produksyon.

3. **Kakulangan sa Suporta ng Pamahalaan at Institusyon**

Bagaman kinikilala ang kahalagahan ng Komedya bilang isang **hindi-nasasalat na pamanang kultural,** kulang ang konkretong aksyon mula sa **lokal na**

**pamahalaan at iba pang institusyon** upang maprotektahan at mapanatili ito. Wala pang sapat na mga programa upang **bigyan ng pondo, promosyon, at pagsasanay** ang mga kasapi ng Komedya.

4. **Mga Hamon sa Pagsasagawa ng Dulang Komedya**

Sa kabila ng mga nabanggit na suliranin, **nananatiling inspirasyon ng mga bumubuo ng Komedya ang positibong komento mula sa mga manonood.** Ang patuloy na pagpapahalaga at suporta ng komunidad ay nagsisilbing **lakas at pag-asa upang maipagpatuloy ang pagtatanghal.**

b. Mga potensyal na panganib sa komedya

1. **Pagkawala ng Interes ng Kabataan**

Isa sa mga **pinakamalaking panganib** sa Komedya ay ang **unti-unting pagkawala ng interes ng kabataan** sa tradisyunal na sining. Mas binibigyang-pansin nila ang **makabagong aliwan tulad ng social media, pelikula, at modernong teatro,** kaya't mas kaunti ang mga nagnanais na ipagpatuloy ang pagsasanay at pagsasadula ng Komedya. Kung hindi maagapan, maaaring **tuluyang mawala ang mga mahuhusay na manlalaro, direktor, at tagapagsanay** ng dulang ito.

2. **Pagbabago sa Panahon at Modernisasyon**

Dahil sa makabagong teknolohiya at mabilis na pagbabago ng panahon, nagbabago rin ang pananaw ng mga tao tungkol sa **entertainment at sining.** Ang **paglaganap ng digital at modernong teatro** ay nagdudulot ng mas kaunting interes sa **tradisyunal na pagtatanghal tulad ng Komedya.** Upang masiguro ang **pagpapatuloy at pagsasabuhay ng Dulang Komedya,** kailangang tugunan ang mga nabanggit na **banta at panganib.** Mahalagang magkaroon ng **mas matibay na suporta mula sa gobyerno, pribadong sektor, at mga institusyong pang-akademiko** upang matugunan ang mga isyu sa pinansyal, oras, at pagsasanay ng mga kalahok. Bukod dito, kailangang **hikayatin ang kabataan na maging bahagi ng pagsasanay at pagsasadula ng Komedya** upang hindi ito tuluyang maglaho bilang isang mahalagang bahagi ng **kulturang Filipino.**

## MGA OPORTUNIDAD PARA SA INOBASYON AT PAGKAMALIKHAIN SA PAGPAPANATILI AT PAGPAPASA NG HINDI-NAHAHAWAKANG PAMANA, AT KUNG PAANO ITO MAAARING MAGAMIT UPANG MATIYAK ANG PAGPAPATULOY NG MGA KULTURAL NA PRAKTIKA AT TRADISYON

Sa kabila ng mga hamon na kinakaharap ng tradisyong ito, mayroong **malalaking oportunidad para sa inobasyon at pagkamalikhain** upang matiyak ang patuloy nitong pag-iral lalo na sa buwan ng Sining at Pamana at pagpapasa sa susunod na henerasyon.

1. Pagtutok sa Kabataan at Pagtuturo ng Komedya

Upang mapanatili ang Dulang Komedya, maaaring **mailabas at buhayin muli ito sa tulong ng mga mag-aaral ng CBSUA at iba pang sangkot na institusyong pang-akademiko maging ang mga pribadong sektor** na may angking galing at talento sa pag-arte. Ang pagsasanay ng mga kabataang artista at manunulat ay makakatulong upang magkaroon ng panibagong henerasyon ng mga kalahok na magpapalawak at magpapatuloy sa tradisyong ito.

2. Muling Pagsulat ng Iskrip at Pagbuhay sa mga Orihinal na Karakter

Isang mahalagang hakbang ang **muling pagbuhay sa mga karakter** at **pagsusulat ng iskrip mula sa orihinal nitong pinagmulan.** Sa pamamagitan ng **pananaliksik at pagtutulungan ng mga lokal na iskolar, matatanda, at dating kalahok**, maaaring muling buuin ang mga orihinal na salaysay. Ang mga sinaunang diyalogo ay maaaring **isalin sa mas nauunawaang wika o dayalekto** upang mas madaling maunawaan ng modernong manonood.

3. Paggamit ng Makabagong Teknolohiya

Upang mapanatili ang Komedya sa makabagong panahon, maaaring gamitin ang **teknolohiya bilang isang kasangkapan sa pagsasalin ng kaalaman at pagtatanghal,** tulad ng:

a. **Video Documentation.** Pagre-record ng pagtatanghal upang magamit sa pagsasanay ng mga bagong artista.
b. **Digital Archiving.** Pag-iimbak ng mga lumang iskrip, larawan, at bidyo sa mga online platform upang madaling mapag-aralan ng mga susunod na henerasyon.
c. **Social Media at Online Platforms.** Paggamit ng YouTube, Facebook, at iba pang digital media upang maipakilala ang Komedya sa mas malawak na audience.

4. Pagsasagawa ng Workshop, Pagsasanay, at Kompetisyon

Maaaring **makipagtulungan ang pamahalaang lokal at mga institusyong pangkultura** sa pagsasagawa ng mga **workshop/writeshop** para sa pagsasanay ng mga bagong aktor, manunulat, at direktor ng Komedya. Ang pagsasagawa ng **kompetisyon** sa pagtatanghal ng Komedya ay maaaring maging isang epektibong paraan upang mapanatili ang interes ng mga kabataan at artista sa sining na ito.

5. Pagtatanghal ng Komedya sa mas Maraming Lokal na Pista at Pagdiriwang

Ang pagsasagawa ng **mga proposal para sa muling pagtatanghal ng Komedya sa iba't ibang lokal na pagdiriwang at pista** ay isang mahalagang estratehiya upang hikayatin ang komunidad na makilahok sa pagpapanatili nito. Ang paglahok ng iba't ibang barangay at bayan sa pagtatanghal ng Komedya ay

maaaring makatulong upang mapanatili ang sigla ng tradisyong ito sa buong rehiyon.

Sa pamamagitan ng mga inobatibong hakbang na ito, maaaring matiyak ang **pagpapatuloy ng Dulang Komedya bilang isang hindi-nasasalat na pamanang kultural.** Ang paggamit ng teknolohiya, pagsasanay ng mga kabataan, at pagtutok sa malikhaing adaptasyon ay makakatulong upang hindi lamang mapanatili ang tradisyong ito kundi lalo pang mapalawak at maipakilala sa mas maraming tao.

## Conclusions

Nagpapatunay ang kongklusyong ito sa kahalagahan ng Dulang Komedya bilang isang tagapag-ingat ng kasaysayan, sining, at tradisyon ng bayan ng Calabanga at Quipayo. Mula sa lahat ng mga datos at informasyong nakalap mahihinuhang:

1. Ang Dulang Komedya ay isang mahalagang bahagi ng hindi-nasasalat na pamanang kultural ng Quipayo at Calabanga na naipapasa sa pamamagitan ng tradisyong pasalita, pagsasadula, at aktibong partisipasyon ng mga mamamayan sa bawat henerasyon.
2. Ito ay may malalim na koneksyon sa kasaysayan, pananampalataya, at identidad ng bayan, kung saan ipinakikita ang mga panlipunang gawi, ritwal, at simbolismo na nagpapalalim sa kanilang kultura at tradisyon.
3. Ang pagsasadula ng Komedya ay hindi lamang isang anyo ng libangan kundi isa ring ritwal panlipunan na nagsisilbing sentro ng pagkakaisa ng komunidad, lalo na tuwing kapistahan, kung saan sama-samang pinanonood at sinusuportahan ito ng mga mamamayan.
4. Ang Komedya ay may natatanging estruktura ng dula na binubuo ng labimpitong tauhan at may mahalagang bahagi gaya ng Torneo. Ipinakikita nito ang mga temang tunggalian, kapangyarihan, karangalan, at pag-ibig na laganap sa panitikan at kasaysayan.
5. Ang sining ng pagtatanghal sa Komedya ay isang matagalang proseso. Kinakailangang maipakita ng mga tauhan ang angkop na emosyon, kilos, at diyalogo sa loob ng mahigit labing-anim na oras upang maging makatotohanan ang dula at mapanatili ang mataas na kalidad ng pagtatanghal.
6. Ang paggamit ng apat na wika, Griyego, Hebreo, Latin, at Espanyol, ay patunay ng makasaysayan at multikultural na impluwensiya ng dulang ito. Ipinakikita nito ang kaugnayan ng Komedya sa panitikang panrelihiyon, klasikal na sining, at kolonyal na kasaysayan ng Pilipinas.
7. Ang Dulang Komedya ay may malalim na epekto sa iba't ibang aspeto ng lipunan, kabilang ang kasaysayan, politika, ekonomiya, pananampalataya, at sining. Pinatutunayan nito na ang Komedya ay higit pa sa isang pagtatanghal sapagkat isa itong buhay na pamanang kultural.
8. Nagbibigay ito ng oportunidad sa lokal na ekonomiya, lalo na sa panahon ng pista, kung kailan tumataas ang bilang ng mga bumibisita, lumalago ang kita ng mga

negosyo, at dumarami ang hanapbuhay para sa mga gumagawa ng kasuotan, props, at iba pang kagamitang ginagamit sa pagtatanghal.

9. Mahalaga ang espiritwal na aspeto ng Komedya sapagkat madalas itong iniaalay sa patron ng bayan bilang pagpapakita ng pananampalataya. Ipinakikita nito ang malalim na ugnayan ng pagtatanghal sa relihiyon at debosyon ng mga mamamayan.
10. Sa kabila ng pagbabago ng panahon, ang Dulang Komedya ay nananatiling mahalagang bahagi ng kultura ng Quipayo at Calabanga. Ang pagpapatuloy ng tradisyong ito ay isang hamon sa modernisasyon at kasabay nito ay isang mahalagang hakbang sa pagpapanatili ng lokal na identidad at pamanang kultural para sa susunod na henerasyon.

## A. Recommendations (Rekomendasyon)

Makatutulong sa mas malalim na pagsusuri, mas epektibong pagpapalaganap, at mas matibay na pangangalaga sa Dulang Komedya ng Calabanga upang ito ay mapanatili para sa hinaharap na mga henerasyon. Upang higit pang mapalawak at mapaunlad ang pananaliksik tungkol sa *Dulang Komedya bilang Isang Hindi-Nasasalat na Pamana ng Kultura sa Bayan ng Calabanga maigting na iminumungkahe ang mga sumusunod*:

1. Mas malawak na pagdodokumento ng dulang Komedya. Inirerekomenda ang masusing pagtatala ng buong pagtatanghal sa pamamagitan ng *video recording,* pagsusulat ng iskrip, at paglalarawan ng bawat eksena upang magkaroon ng mas komprehensibong pag-aaral sa estruktura at tema ng dula.
2. Pagpapalawig ng pananaliksik sa iba pang bersyon ng Komedya sa ibang bayan. Maaaring ihambing ang Dulang Komedya ng Calabanga sa ibang bersyon sa iba't ibang lugar sa Pilipinas upang mas maunawaan ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagtatanghal, wika, at tema nito.
3. Mas malalim na pagsusuri sa epekto ng modernisasyon sa dulang Komedya. Dapat pag-aralan kung paano naaapektuhan ng teknolohiya, pagbabago sa pananaw ng mga tao, at modernong paraan ng libangan ang pagpapatuloy ng dulang Komedya sa kasalukuyang panahon.
4. Pagtatala at pagsasalin ng mga dayuhang wika sa iskrip ng Komedya. Dahil may apat na wika na ginagamit sa pagtatanghal, maaaring magkaroon ng pagsasalin ng mga dayuhang salita upang mas maunawaan ng mas maraming mananaliksik at tagapanood.
5. Pagbuo ng mas malalim na pagsusuri sa pananaw ng mga manonood at kalahok. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panayam o survey, maaaring malaman kung paano natatanggap ng mga manonood at kalahok ang dulang Komedya at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang buhay at pananaw sa kultura.
6. Pagsusuri sa impluwensya ng relihiyon sa Komedya. Isang masusing pag-aaral sa koneksyon ng pagtatanghal sa pananampalataya ng mga mamamayan upang higit pang maunawaan ang espiritwal na aspeto ng dula.

7. Pagsasama ng aspekto ng turismo at ekonomiya sa pananaliksik. Maaaring suriin kung paano makatutulong ang dulang Komedya sa pagpapalakas ng lokal na turismo at kabuhayan ng Calabanga, lalo na tuwing pista.
8. Pagpapakilala ng dulang Komedya sa pamamagitan ng *social media* at iba pang plataporma. Isang rekomendasyon ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya upang ipakilala ang Komedya sa mas malawak na madla, lalo na sa mga kabataan.
9. Pagsasama ng dulang Komedya sa kurikulum ng lokal na paaralan. Maaaring isama sa pag-aaral sa paaralan ang Komedya bilang bahagi ng asignaturang panitikan, sining, o kasaysayan upang mapanatili ang pagpapahalaga ng susunod na henerasyon sa dulang ito.
10. Pakikipagtulungan sa pamahalaan at mga organisasyon upang mapanatili at maprotektahan ang Komedya. Ang pagsasama ng lokal na pamahalaan, kagawaran ng turismo, at mga pangkulturang organisasyon ay makatutulong sa pagsuporta sa pagtatanghal at pagpapanatili ng dulang Komedya bilang isang *intangible cultural heritage*.

## Compliance with ethical standards

Ang anumang mga nakalap na datos at impormasyong ay itinuring na konpidensyal at may pahintulot mula sa mga respondyente at lupon ng mga tagasuri.. Binigyan din ng lahat ng karapatan ang mananaliksik mula sa mga respondyente at may akda ng mga literatura ng etikal na kalayaan suriin ang mga pinarangalang panitikan sa tulong ng kanilang suhestiyon, rekomendasyon at gabay. Inilagay din ang lahat ng mga sanggunian upang maiwaksi o maiiwas ang mga datos sa posibilidad ng plagirismo at anumang makikitang puna/sipi/pinaghanguan na datos sa papel ng sinumang may akda ng kaalaman/karunungan ay bukas sa diyalogo ang mananaliksik na walang ibang intensyon ang pag-aaral kundi ang makadagdag sa karunungang maibabahagi tungo sa mas lalong pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa.

## Acknowledgments

Tagos sa pusong pasasalamat sa mga kumalinga at nagtaguyod ng dulang komedya sa halos 400 taon na nitong pamamalagi bilang hindi nasasalat na literature. Sa pamumunuan ng Barangay Quipayo, sa local na pamahalaan ng Calabanga, higit ding pasasalamat kay G. Romeo Endrano na nag-ingat ng preserbasyon ng iskrip ng Dula at sa walang sawang pagpapatnubay at malasakit. Sa Tanghalang Calabanga na magpapatuloy at magtutulay sa pagsasadula nito sa tulong at supporta ng Pamantasan at komunidad ng Calabanga, batid ng may akda at ang nagsaliksik na ito ay pagmumulan ng impak sa kultura, pagkakaroon ng malagong ekomomiya ng bayan at attraksyon s turismo bilang pangkalahan.

Sa mga kapwa kong Pilipino na patuloy na nagbibigay-halaga at pagmamalasakit sa kultura. Nawa'y magsilbi itong paalala ng ating kayamanan bilang isang bayan at maging inspirasyon upang patuloy tayong magkaisa at magpursigi para sa ikauunlad ng ating minamahal na bayan.

Higit sa lahat, walang hanggang pasasalamat ang iniaalay ko sa ating Poong Maykapal. Siya ang nagbigay ng talino, lakas, at inspirasyon sa bawat hakbang ng aking paglalakbay. Ang Kanyang walang hanggang biyaya ang naging gabay sa akin upang maisakatuparan ang aklat na ito. Sa Kanya ang lahat ng papuri at kaluwalhatian.

## REFERENCES

Batara, O. A., Orpia, C. B., & Absolor, J. L. (2024). Narrative study on the cultural significance of the practice of komedya to the locals of Santa Catalina, Ilocos Sur. International Journal of Research and Innovation in Social Science. https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/narrative-study-on-the-cultural-significance-of-the-practice-of-komedya-to-the-locals-of-santa-catalina-ilocos-sur/

CMPG. (2025). Cultural mapping of Panay and Guimaras. Cultural Mapping and Preservation Group. https://cmpg.upv.edu.ph/

Delos Santos, R., & Demeterio, F. (2020). Historical recontextualization of Arakyo manuscripts: Narrative shifts and cultural sensitivity in Philippine theatre. Humanities Diliman Journal. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/7168

Denzin, N. K. (2012). Triangulation 2.0. Journal of Mixed Methods Research, 6(2), 80–88. https://doi.org/10.1177/1558689812437186

Endrano, R. C. (2024, May 18). Kaugnay ng mga dulang Komedya bilang isang di-nasasalat na pamana ng kultura [Panayam].

Endrano, R. C. (2025, January 14). Kaugnay ng mga dulang Komedya bilang isang di-nasasalat na pamana ng kultura [Panayam].

Endrano, R. C. (2026, December 21). Kaugnay ng pagpapamagat sa dulang Komedya bilang isang di-nasasalat na pamana ng kultura [Panayam].

Far, R. J. P. (2024). Unveiling the veil: Intangible cultural heritage and the Filipino college students. Journal of Ethnic and Cultural Studies. https://www.ejecs.org/index.php/JECS/article/download/1818/556

Fernandez, L. (2024). The Comedia (Moro moro) rediscovered: Ethnographic insights on Philippine theatre. Archium Ateneo. https://archium.ateneo.edu/phstudies/vol27/iss1/12/

Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the past, teaching the future: The role of Philippine cultural heritage in curriculum development of teacher education programs. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 80–97. https://ijchr.net/journal/article/view/169

Manguera, P. M. (2025). MarSU BCAEd students revive cultural heritage through “Moro moro” performance. Marinduque State University News. https://www.mscmarinduque.edu.ph/marsu-bcaed-students-revive-cultural-heritage-through-moro-moro-performance/

Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2016). Qualitative research: A guide to design and implementation (4th ed.). Jossey-Bass.

National Commission for Culture and the Arts. (2025). Mock swords into cultural ploughshares: The National University celebrates with komedya.

https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/mock-swords-into-cultural-ploughshares-the-national-university-celebrates-with-komedya/

National Commission for Culture and the Arts (NCCA). (n.d.). National Cultural Heritage Act (RA 10066) and its implementing rules and regulations. https://ncca.gov.ph/

Official Gazette of the Republic of the Philippines. (n.d.). Policies on culture and arts in the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph

Petinglay, A. C. J. (2022). Antique’s cultural bearers preserve ‘Komedya’. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1191378

Philippine Performance Archive. (2019). Komedya, Moro moro, and linambay. https://philippineperformancearchive.wordpress.com/theatre/komedya-moro-moro-linambay/

Rabang, F. D. (2025). Cultural mapping in Vigan City: Documentation of tangible and intangible heritage assets. Journal of Local Heritage Studies. https://journal.unpas.ac.id/index.php/sampurasun/article/view/26

Republic of the Philippines. (1987). The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/

Republic of the Philippines. (2009). Republic Act No. 10066: National Cultural Heritage Act of 2009. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2009/03/26/republic-act-no-10066/

Tiongson, N. (2008). The role of the government in Philippine arts and culture development. University of the Philippines Press.

UNESCO. (2019). Convention for the safeguarding of the intangible cultural heritage. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. https://ich.unesco.org/en/convention

**APA Citation:**

Vega, C. C. (2026). PAGSASARIWA SA DULANG KOMEDYA NG QUIPAYO: PAGMAMAPA NG DI-NASASALAT NA PAMANANG KULTURAL SA CALABANGA, CAMARINES SUR. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(7), 1384–1402. https://doi.org/10.5281/zenodo.21533627

*christian.vega@cbsua.edu.ph*